# Para sa mga Technical Intern Trainees!

## Susuportahan ka ng SAITAMA DOKEN KOKUHO!

# SAITAMA DOKEN KOKUHO
(National Health Insurance ng Saitama para sa Konstruksyon)

Kapag na-ospital ka



Kapag hindi ka makapagtrabaho



Pagsusuri sa Kalusugan



Tulong para sa Paggamit ng Matutuluyang Pasilidad



Maraming mga programang makakatulong sa iyo!



## Benepisyo para sa Gastusing Medikal
Ibabalik ang bahagi ng iyong binayad

Ibabayad sa iyo ang bahagi ng medical health insurance na binayad mo sa ospital.
Magagamit ito sa regular na pagpapatingin sa ospital at kapag na-ospital ang miyembro ng union.Para sa kanyang pamilya, magagamit lamang ito kapag na-ospital.

*Magagamit ng pamilya ang benepisyong ito mula sa ika-7 buwan pagkatapos maging miyembro.



Halaga ng Benepisyo

*Kakalkulahin ito sa bawa't buwan, bawa't ospital at botika, at sa bawa't pagka-ospital atpagpapatingin sa ospital.

**Na-ospital**
(Miyembro ng Union / Kanyang Pamilya)
Halaga matapos bawasan ng **17,500** JPY sa isang buwan

**Pagpapatingin sa ospital**
(Miyembro ng Union)
Halaga matapos bawasan ng **17,500** JPY sa isang buwan

## Benepisyo Para sa Hindi Ka Makapagtrabaho Dahil sa Sakit o Kapansanan
Sa ilalim ng National Health Insurance para sa Konstruksyon, ginawa ang Sistema ng BenepisyoHabang Hindi Nakakapasok sa Trabaho na tinatawag na Benepisyo Para sa May Sakit atKapansanan, upang masuportahan ang pamumuhay sa panahon na hindi pa nakakapagtrabahonang dahil sa sakit.

**Sistema ng Benepisyo Habang Hindi Nakakapasok sa Trabaho**

Kapag hindi ka pumasok sa trabaho nang 4 na magkasunod na araw o higit pa dulot ng sakit osugat, makakatanggap ng benepisyo mula sa ika-unang araw ng di pagpasok.
Ang limitasyon ngbenepisyo ay hanggang 180 araw para sa bawa't isa sa 2 klasipikasyon*.
*2 klasipikasyon=Klasipikasyon ng Sakit at Klasipikasyon ng Sugat/Partikular na Sakit oPagkasugat/Sakit sa Likod

### Sakit
Araw na nasa ospital +
Araw ng pagpapapagaling sa bahay

### Sugat/Partikular na Sakit o SPagkasugat/Sakit sa Likod
Araw na nasa ospital +
Araw na nagpatingin sa ospital

*Makakatanggap ng benepisyo sa mga araw kung saan nakasuot ng orthopedic cast nakinakailangan para sa paggamot dahil ituturing ito bilang pagpapatingin sa ospital.




Magkano ang matatanggap na benepisyo sa isang araw?(Mula 9/2020)

| | | |
|---|---|---|
| Sakit | Araw na nasa ospital | 4,000JPY |
| | Araw ng pagpapapagaling sa bahay | 2,600JPY |
| Sugat/Partikular na Sakit o Pagkasugat/ Sakit sa Likod | Araw na nasa ospital | 1,600JPY |
| | Araw na nagpatingin sa ospital | 1,100JPY |

SAITAMA DOKEN KOKUHO (National Health Insurance ng Saitama para sa Konstruksyon)
〒336-0031 6-18-12 Shikatebukuro, Minami-ku, Saitama-shi TEL 048-864-4381

Marami pang mga benepisyo na mapapakinabangan!

SAITAMA DOKEN KOKUHO
(National Health Insurance ng Saitama para sa Konstruksyon)

# Libreng Pagsusuri sa Kalusugan

Mahalaga ang muling pagsusuri sa mga kaugalian sa pang-araw-araw na pamumuhay at maagangpagtuklas ng sakit upang maprotektahan ang kalusugan.

## Libreng pagsusuri sa kalusugan para sa seguridad ng miyembro ng union at ng kanyang pamilya



Mangyaring magpasuri sa group health check na isinasagawa sa iyong branch o chapter.

### Mga Maaaring Makatanggap ng Tulong

Pangunahing Pagsusuri sa Kalusugan
······Taong naka-insure 15 taong gulang pataas
Pagsusuri para sa Kanser sa Tiyan
······Taong naka-insure 30 taong gulang pataas
Pagsusuri para sa Kanser sa Kolon
······Taong naka-insure 30 taong gulang pataas
Pagsusuri para sa Kanser sa Suso
······Taong naka-insure 30 taong gulang pataas
Pagsusuri para sa Kanser sa Kuwelyo ng Matris (Cervix)
······Taong naka-insure 20 taong gulang pataas

# Tulong para sa Bakuna Laban sa Trangkaso (Influenza)

①Maaaring makatanggap ng tulong ang lahat ng edad.

Halaga ng Benepisyo

| | |
|---|---|
| Taong naka-insure 12 taong gulang pababa (unang bakuna) | 3,000 JPY |
| Taong naka-insure 12 taong gulang pababa (pangalawang bakuna) | 1,000 JPY |
| Taong naka-insure mula 13 hanggang 64 taong gulang | 3,000 JPY |
| Taong naka-insure 65 taong gulang pataas | 1,000 JPY |



②Kapag ginamit ang "Voucher" na ibinigay sa iyo kasama ang insurance card, hindi na kailangangmagsumite ng aplikasyon.

Kapag dinala ang "Voucher" at "Insurance Card" sa itinalagang institusyong medikal upangmagpabakuna, ibabawas ang halaga ng benepisyo sa babayaran.

③Kapag hindi ginamit ang "Voucher" sa pagpapabakuna, maaaring makuha ang benepisyo kapagnagsumite ng aplikasyon.

## Benepisyo para sa Paggamit ng Itinalagang Pasilidad na Matutuluyan

Para sa miyembro ng union at pamilyang kasamahan niya sa bahay, makakatanggap ng tulonghanggang 3,000 JPY ang bawa't tao para sa isang gabi sa isang pasilidad kada paglalakbay.

*Para sa listahan ng mga tuluyan kung saan magagamit ang "Voucher sa Paggamit ng ItinalagangPasilidad na Matutuluyan, " mangyaring tingnan ang "Libro ng Matutuluyan" o ang website ngNational Health Insurance ng Saitama para sa Konstruksyon.



## Tokyo Disney Resort® Benepisyo sa Paggamit

Bawa't taon, bibigyan ang taong naka-insure ng 1 ticket ng Tokyo Disney Resort® na may halagang1,000 JPY.